



FDA ADVISORY
No. **2019-147-A**

130 MAY 2019

PARA : SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO

PAKSA : Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Hindi Rehistradong Gamot na:

1. **FAST-ACT Rheumatism Capsule**
2. **LING ZHI CHUANG YAO WAN Capsule**
3. **SNAKE ITCH REMOVING PILLS**
4. **LIDAN Film-coated TABLETS**
5. **SHENNONG Anti-Asthma Tablets**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga hindi rehistradong gamot na:



FAST-ACT Rheumatism Capsule
by: HAI NAN PHARMACEUTICAL CO., LTD
HAINAN, CHINA

Larawan 1. Hindi rehistradong gamot





LING ZHI CHUANG YAO WAN Capsule

Larawan 2. Hindi rehistradong gamot



SNAKE ITCH REMOVING PILLS
 Manufactured by: MABUHAY (H.K.)
 PHARMACEUTICAL COMPANY

Larawan 3. Hindi rehistradong gamot



LIDAN Film-coated TABLETS
by Qingdao Traditional Chinese Medicine Factory

Larawan 4. Hindi rehistradong gamot



SHENNONG Anti-Asthma Tablets
by D.K. TRADITIONAL MEDICINES & NATURAL
HEALTH PRODUCTS LIMITED HONG KONG

Larawan 5. Hindi rehistradong gamot

Napatunayan sa pamamagitan ng isinagawang *Post-Marketing Surveillance* (PMS) ng FDA na ang mga nasabing gamot ay hindi dumaan sa proseso ng rehistrasyon ng ahensya at hindi nabigyan ng kaukulang awtorisasyon tulad ng *Certificate of Product Registration* (CPR).

Alinsunod sa *Republic Act No. 9711*, o ang *Food and Drug Administration Act of 2009*, ang paggawa, pag-angkat, pagbenta, pamamahagi, paglipat, promosyon, pagpapatalastas o *sponsorship* ng produktong pangkalusugan nang walang kaukulang awtorisasyon mula sa FDA ay ipinagbabawal.

Gayundin, dahil ang mga hindi rehistradong produktong ito ay hindi dumaan sa proseso ng pagsusuri at pageeksamin ng FDA, hindi masisiguro ng ahensya ang kanilang epekto, kalidad at kaligtasan. Ang mga nasabing ilegal na produkto ay maaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit ng mga ito.

Ang publiko ay pinapaalalahanang huwag bumili ng mga nasabing ilegal na produkto at maging maingat laban sa mga gamot na maaring hindi rehistrado sa FDA. Maaaring malaman kung ang gamot ay rehistrado sa FDA sa pamamagitan ng paggamit ng *Search feature* ng FDA website sa www.fda.gov.ph. Maaari ring tingnan ang FDA *Registration number* sa label ng produkto.

Ang lahat ng establisyamento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng mga nasabing ilegal na produkto hanggang sa ang mga ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon, sapagkat kaukulang parusa ay mahigpit na ipatutupad.

Pinapakiusap sa Bureau of Customs na harangin ang mga napatunayang hindi rehistradong gamot sa lahat ng port of entry ng bansa.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang mga produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-email sa info@fda.gov.ph. Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong gamot, mag-email sa report@fda.gov.ph, o mag-report gamit ang aming *online reporting facility*, *eReport*, sa www.fda.gov.ph/ereport. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* (CDRR) sa numerong **(02) 809-5596**. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang *link* na ito: www.fda.gov.ph/adr-report-new at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.


ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD, DPBO

Undersecretary of Health

Officer-in-Charge, Director General



20190515093154